SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: 4/20/21 Time: 2:45

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-52

**"MULING KINAKATIGAN ANG LIHAM NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) NA HUMIHILING SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NG BAKANTENG LOTE NA MAAARING PAGTAYUAN NG GUSALI NA GAGAWING ENGINEER'S FIELD OFFICE/LABORATORY AND LIVING QUARTERS, SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT KAHILINGAN NA ANG NASABING GUSALI AY ITAYO SA DR. PABLITO V. MENDOZA, SR. HIGH SCHOOL (DPVMHS) SA BRGY. MALAMIG, BUSTOS, BULACAN."**

Sa mungkahi ni:
**Igg. Rosette G. Pangilinan**

**SAPAGKA'T,** nagsumite ng kahilingan ang Department of Public Works Works and Highways (DPWH), sa pamamagitan ni Basilio M. Elumba (Project Manager III, Roadv Management Cluster 1 (B)-UPMO), sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, ng bakanteng lote na maaaring pagtayuan ng engineer's field office/laboratory and living quarters, na may petsang ika-16 ng Marso 2021, na may paksang:

> "ARTERIAL ROAD BYPASS PROJECT (RBP), PHASE III (Widening from 2 lanes to 4 lanes), Contract Package 1&2, JICA Loan Agreement No. PH-P266";

**SAPAGKA'T,** ang Sangguniang Bayan ay pinadalhan ng sipi ng nasabing liham at natanggap noong ika-22 ng Marso 2012;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing liham ay natalakay ng Sangguniang Bayan sa ilalim ng "Iba Pang Talakayin", sa ika-78 Karaniwang Pulong Nito na ginanap noong ika-23 ng Marso 2021;

**SAPAGKA'T,** ang itatayong gusali sa lupang hinihiling ng DPWH ay maaaring gawing silid paaralan matapos ito ay gamitin ng DPWH;

**SAPAGKA'T,** ang Pamhalaang Bayan ng Bustos ay may bakanteng lote sa paaralan ng Dr. Pablito V. Mendoza, Sr. High School (DPVMHS) sa Brgy. Malamig, Bustos, Bulacan.

**SAPAGKA'T,** ang ay isang mataas o sekondaryang paaralang, kung saan maraming baitang (year level) at mas maraming mga mag-aaral ang nag-aaral dito;

**SAPAGKA'T,** mas magiging kapakipakinabang sa maraming latag ng mga mag-aaral kung ang nasabing istraktura ay itatayo sa DPVMHS at magagamit ng mga mag-aaral dito;

**SAPAGKA'T,** noong ika- 23 ng Marso 2012 ay nagpatibayng Kapasiyahan Blg. 2021-45 ang Sangguniang Bayan na kinakatigan ang kahilingan ang Department of Public
Works Works and Highways (DPWH) sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, ng bakanteng lote na maaaring pagtayuan ng engineer's field office/laboratory and living quarters;

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pagdinig ng Sangguniang Bayan, sa ika-81 Karaniwang Pulong nito, ayon na rin mismo sa kinatawan ng DPWH, na ang lupang pagtatayuan ng kanilang engineer's field office/laboratory and living quarters ay mas naaangkop na itayo sa lupang pag-aari ng Pamahalaang Bayan at may katibayan ukol rito.

**SAPAGKA'T,** sa parehong pagdinig, ay nagpahayag ng pagsang-ayon ang Punong Barangay ng Brgy. Tanawan, Igg. Raymond Perez, sa pagtatayo ng nasabing istraktura sa Dr. Pablito V. Mendoza, Sr. High School (DPVMHS);

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni Igg. Rosette G. Pangilinan, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**IPINASYA,** gaya ng dito'y **IPINAPASYA,** na muling pagtibayin ang isang Kapasiyang kinakatigan ang kahilingan ang Department of Public Works Works and Highways (DPWH) sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, ng bakanteng lote na maaaring pagtayuan ng engineer's field office/laboratory and living quarters;

**IPINAPASYA, RIN,** na hilingin sa Punong Bayan, Igg. Albert Francis. G. Juan na ang nasabing gusali ay itayo sa Dr. Pablito V. Mendoza, Sr. High School (DPVMHS) sa Brgy. Malamig, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-20 ng Abril 2021, sa Pulungang Amado S. Raymundo, Brgy. Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon-Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim